Nag-aalala Tungkol sa mga Pampublikong Benepisyo at Imigrasyon?

Huwag ihinto ang paggamit sa mga pampublikong benepisyo kung hindi naman kinakailangan. May karapatan kang makakuha ng pangangalaga at suportang kinakailangan mo nang walang takot. Maraming serbisyo ng lungsod ang available sa lahat ng New Yorker anuman ang katayuan mo sa imigrasyon, kasama na rito ang pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan.

Mahalagang malaman na:

- Mula noong Marso 9, 2021, tapos na ang patakarang public charge ng administrasyong Trump. Kinukuwestiyon ng patakarang ito ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo dahil sa mga usapin sa imigrasyon. Babalik ang pederal na gobyerno sa paggamit sa dati nitong mga patakaran.
- Maa-access ng mga residente ng New York City ang maraming pangkalusugan at panglipunang serbisyo kasama ang emergency Medicaid, tulong sa pagkain, proteksyon sa nangungupahan, at libreng tulong sa legal. Hindi kinakailangan ang iyong katayuan sa imigrasyon, kakayahang magbayad, at katayuan sa pagtatrabaho.
- Hindi maaapektuhan ng pagpapabakuna, pagpapasuri, o pagpapagamot para sa COVID-19 ang iyong katayuan sa imigrasyon.
- Kung mayroong kang mga tanong o alalahanin, **tumawag sa ActionNYC at 1-800-354-0365 at sabihin ang "public charge"** para iugnay ka sa libre at ligtas na tulong sa legal na pinondohan ng Lungsod.

Manatiling may alam sa **NYC.gov/immigrants**